Hinay

Jay R

Biyahe nang malayo
Galing sa trabaho
Kay raming laman ng isip
Bawi na lang tayo
Yakapin mo na 'ko
Nang maramdaman ang init
Ng aking pagibig
Hawak saking bisig
Bibigay ko ang iyong hilig
Sa'yong mata'y tititig
Luha'y mangingilid
Para kang nananaginip

Babagal ang mundo
Susulitin natin ang gabi
Wag kang magalala
Di tayo nagmamadali
Sa akin ay lumapit tayo'y

Hinay hinay lang
Sa palad ko'y kumapit tayo'y
Hinay hinay lang
Pag nagdikit ang labi ay
Isipin mo na para bang
Sa mundo ay tayo lang
Kalimutan ang ibang iniisip at mag
Hinay hinay lang
Ngayong gabi ay hinay hinay lang

Ibaba mo na ang 'yong telepono
Halika na't samahan mo ako
Maglalakbay pa tayo
Sa langit ay dadayo
Dahan dahan ang paghayo
Sabay ka lang sa himig
Hawak saking bisig
Binti igapos sa'king gilid
Hanggang mata'y tumirik
Luha ay mangilid
Para kang nananaginip

Babagal ang mundo
Susulitin natin ang gabi
Wag ka magalala
Di tayo nagmamadali
Sa akin ay lumapit tayo'y

Hinay hinay lang
Sa palad ko'y kumapit tayo'y
Hinay hinay lang
Pag nagdikit ang labi ay
Isipin mo na para bang
Sa mundo ay tayo lang
Kalimutan ang ibang iniisip at mag
Hinay hinay lang
Ngayong gabi ay hinay hinay lang
...

Tištěno z pisnicky-akordy.cz
Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!